

Gusto mo bang mag-invest?

Kung ganon, tandaan ang mga sumusunod:

MAG-ARAL

- Suriing mabuti ang "investment product" na inaalok.

MAG-USISA

- Magtanong at unawain ang "investment product".
- Kung hindi ito maintindihan, huwag ito bilhin.

MAG-INGAT

- Kung ang alok ay napakaganda, malamang ay hindi ito totoo.
- Iwasan ang "pyramiding," na nanghihikayat na kumuha ng iba pang "investors" kapalit ng mas malaking kita.

MANIGURO

- Siguraduhing nakarehistro sa Securities and Exchange Commission (SEC) ang mga "investment product" na inaalok. Hingin ang "prospectus."
- Ang isang kumpanya na may "Certificate of Incorporation" na galing sa SEC ay hindi nangangahulugan na ang "investment product" ng naturang kumpanya ay may pahintulot na ng SEC.
- Kung ang produkto ay "insurance," dapat ay may pahintulot ito ng Insurance Commission (IC).
- Ang mga "investment product" na galing sa mga bangko ay dapat na may pahintulot ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).
- Makipag-transaksyon lamang sa mga ahente o "broker" na lisensyado ng SEC o kaya ng IC kung "insurance" ang produkto.
- Kung ang "investment product" ay galing sa mga bangko, makipag-transaksyon lamang sa mga empleyadong may pahintulot ng mga naturang bangko.

MAGING MASINOP

- Itago ang katibayan ng "investment" tulad ng resibo, kontrata, kasunduan o "certificate" at mga dokumentong kahintulad nito, sa isang ligtas na lugar.

TANDAAN

- Ang mga "investment product" ay hindi nakaseguro o "insured" sa Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC).

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaari kayong bumisita sa "website" ng BSP (www.bsp.gov.ph), SEC (www.sec.gov.ph) at IC (www.insurance.gov.ph).



The Head
Financial Consumer Affairs Group
Supervision and Examination Sector,
BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS
A. Mabini St., Malate, Manila 1004
E-mail: consumeraffairs@bsp.gov.ph
Tel. No.: 524-7011 local 2584

The Director
Corporation Finance Department
SECURITIES AND EXCHANGE COMMISSION
SEC Building, EDSA, Greenhills, Mandaluyong City
E-mail: justina.callangan@sec.gov.ph
Tel. No.: 584-6103

The Head
Public Assistance and Information Division
INSURANCE COMMISSION,
1071 United Nations Ave., Manila 1000
E-mail: pubassist_ic@yahoo.com
Tel. No.: 523-8461 to 70 local 103 or 104